# Nakatikim ng lasa ng pananampalataya ang sinumang nalugod kay Allāh bilang Panginoon, sa Islām bilang relihiyon, at kay Muḥammad bilang Sugo."}

Ayon kay Al-`Abbās bin `Abdilmuṭṭalib (malugod si Allāh sa kanya): {Siya ay nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Nakatikim ng lasa ng pananampalataya ang sinumang nalugod kay Allāh bilang Panginoon, sa Islām bilang relihiyon, at kay Muḥammad bilang Sugo."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mananampalatayang tapat sa pananampalataya niya, na napapanatag dito ang puso niya, ay makadarama at makatatalos sa puso niya ng pagkaluwag, pagkalawak, tuwa, katamisan, at sarap ng kalapitan kay Allāh (napakataas Siya) kung siya ay nalugod sa tatlo: A. Nalugod siya kay Allāh bilang Panginoon. Iyon ay sa pamamagitan ng pagkaluwag ng dibdib niya sa anumang dumarating sa kanya mula kay Allāh ayon sa hinihiling ng pagkapanginoon na pagkakahati ng mga panustos at mga kalagayan. Kaya naman hindi siya nakadarama sa puso niya ng isang pagtutol sa anuman mula roon at hindi siya humihiling ng isang panginoong iba pa kay Allāh (napakataas Siya). B. Nalugod siya sa Islām bilang relihiyon. Iyon ay sa pamamagitan ng pagkaluwag ng dibdib niya sa anumang nilalaman ng Islām na mga pag-aatang at mga tungkulin at hindi siya nagpunyagi sa iba pa sa daan ng Islām. C. Nalugod siya kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) bilang sugo. Iyon ay sa pamamagitan ng pagkaluwag ng dibdib niya at pagkatuwa niya sa lahat ng mga inihatid ng Propeta nang walang pag-aatubili at walang pagdududa, kaya wala siyang tinahak kundi ang sumasang-ayon sa patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).



النجـاة الخيـرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee